# Ang ventilation ay nakakatulong na magprotekta laban sa pagkalat ng COVID-19

Ang hangin ay pinapapasok at pinapalabas ng ventilation sa iyong tahanan

TAGALOG / TAGALOG

## Paano kumakalat ang COVID-19

Ang isang táong may impeksyon ng COVID-19 ay maaaring naglalabas ng mga nakakahawang particles sa hangin kapag siya'y:

- Humihinga
- Nagsasalita
- Kumakanta
- Sumisigaw
- Ubo
- Bumabahing

Maaari kang mahawa kapag sapat mong nalanghap ang mga nakakahawang particles na ito.

## Paano nakakatulong ang ventilation na magprotekta laban sa pagkalat ng COVID-19

Ang ventilation ay nakakatulong na magbawas sa dami ng nakakahawang particles sa hangin. Ito'y lalo nang mahalaga kapag may kasama kang mga tao na hindi bahagi ng iyong household o sambahayan mismo.

## Mga paraan kung paano mo mapapahusay ang ventilation at air filtration sa iyong tahanan

- Regular na buksan ang mga bintana at mga pinto upang lumabas-pasok ang sariwang hangin.
  Kahit na umuulan o kahit na malamig sa labas, makakatulong kung bubuksan mo ang iyong bintana nang ilang minuto sa pana-panahon.
- Gumamit ng isang heating, ventilation and air conditioning (HVAC) system.
- Walang-tigil na paandarin ang heat o kaya energy recovery ventilators.
- Walang-tigil na paandarin ang kitchen o kaya bathroom exhaust fans.
  Magbukás ng bintana upang makapasok ang malinis at sariwang hangin at upang maiwasan ang pag-circulate ng masamáng air contaminants na nanggagaling sa loob ng tahanan.
- Gumamit ng portable air purifier na may high-efficiency particulate air (HEPA) filter.

Tandaang gawin ang rutinang maintenance sa mga mechanical systems. Panatilihing malinis at hindi barado ang vents at fans, at palitan ang filters kapag inirerekomendang palitan na ang mga ito. Kung maaari, walang-tigil na paandarin ang HVAC system fan. Madadagdagan nito ang malinis na hangin at mababawasan nito ang nakakahawang particles sa loob ng tahanan.

## Paano mo malalaman kung masamâ ang ventilation sa isang lugar

- Stuffy o maalinsangan ang lugar
- May masamáng amoy
- Walang mechanical ventilation o kaya air filtration
- Sarado ang mga bintana at pinto
- Mataas ang humidity
- May amag

**Ang ventilation ay isang mahalagang paraan na makakatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Maaari ring makatulong ito na maiwasan ang pagkalat ng ibang mga sakit. Ipagkombina ang ventilation sa iba pang mga mahahalagang patakaran ng pampublikong kalusugan upang panatilihing protektado ang iyong sarili at ang iba laban sa COVID-19.**

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19:** 1-833-784-4397 Canada.ca/le-coronavirus

Gouvernement du Canada Government of Canada

Canada